Balitang Manmin

BILANG 122 DISYEMBRE 21, 2014

# Ihahatid ng Manmin Church sa Buong Mundo ang Pag-asa para sa Langit

## Ginawang pelikulang 3D ang pinakamaluwalhating lugar sa Langit, ang Bagong Jerusalem



Pumasok kayo sa Bagong Jerusalem, nakasakay sa gintong karwahe. Dumaan kayo sa mabangong halamanan na puno ng magagandang bulaklak hanggang sa marating ang pinakamalaking pintuan ng kastilyo ng pastol. Pumasok kayo sa espesyal na lugar sa pagitan ng una at pangalawang palapag. Sa malawak at walang hangganang lugar, dumadaloy ang malinaw na tubig ng ilog ng buhay. Masdan ninyo ang magagandang tahanan na itinayo batay sa kagustuhan ng mga naninirahan, mga matapat na naglingkod para sa kaligtasan ng mga kaluluwa sa tulong ng pastol. Tatamasahin nila ang walang hanggang kaligayahan doon kasama ng Diyos at ng mga mahal nila sa buhay. Sa totoo lang, hindi posibleng ilarawan ang napakadakilang kagandahan ng Langit ayon sa mga teknolohiya dito sa mundo. Pero sa pamamagitan ng pelikulang ito, magkakaroon ng panibagong pag-asa para sa Bagong Jerusalem ang mga tao, mas maalab silang susulong sa buhay bilang mga Cristiano.

"Kilala ko ang isang lalaki kay Cristo, mayroon nang labing-apat na taon ang nakakaraan, dinala sa ikatlong langit (kung nasa katawan man, o kung nasa labas ng katawan, hindi ko alam; ang Diyos ang nakakaalam)." (2 Mga Taga-Corinto 12:2)

Nakita ni apostol Pablo ang kagandahan ng Paraiso sa Langit dahil sa pagpapala ng Diyos. Pagkatapos nito, naging tapat siya sa pangangaral ng ebanghelyo, tinalikuran niya ang lahat ng pinapahalagahan niya; kasaganahan, katanyagan, at kaalaman. Kahit mahirap ang pinagdaanan niya, puno ng pag-asa para sa Langit at para sa mga kaluluwa ang puso niya.

Noong Mayo 1984, sinimulan ng Diyos ang pagtuturo ng detalyado kay Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang tungkol sa Langit bilang kasagutan sa maalab na pananalangin at pag-aayuno nito. Ipinapahayag pa ng mas detalyado bawat taon sa Manmin ang tungkol sa Langit. Katungkulan ng Manmin ang pangangaral ng ebanghelyo sa bansa at sa buong mundo. Ipinapangaral nila ang ebanghelyo ng kabanalan.

Noong Oktubre 2014, sa ika-32 anibersaryo ng iglesya, dinala sa mga miyembro at mga panauhin ng iglesya sa pamamagitan ng pelikulang ginamitan ng teknolohiyang 3D ang kagandahan ng Bagong Jerusalem, ang pinakamaluwalhating lugar sa Langit. Nakatulong ito sa pananampalataya nila dahil nakita nila ang hindi nakikitang mundong espirituwal.

Sinabi ni Pastor Esteban Handal, Presidente ng JBN TV, "Ang isinapelikulang 3D ay batay sa pahayag ng Diyos. Kapag napanood ito ng mga tao, magsisikap silang mabuhay ng banal at may pag-asa."

Ayon naman kay Ms. Mikyung Kim, Propesor ng College of Fine Arts, Kangnam University at Direktor ng Korean Art Institute, "Paano nailarawan ang Langit tulad ng napanood ko? Akala ko walang makakapag larawan nito ng ganito kadetalyado kundi sa pamamagitan lang ng pahayag ng Diyos. Nagpapasalamat din ako dahil totoong lugar ito na malapit na nating maging tirahan, hindi kathang-isip lang."

Sinabi ni Pastor Justin Clarance, miyembro ng komite na nagsasaayos ng kumperensya ng WCDN sa Malaysia na idadaos sa 2015, "Isa na naman itong pahayag mula sa Diyos. Nalaman ko kung ano ang Langit. Gusto ko ring makapasok sa Bagong Jerusalem."

Ipinakita ang napakarangyang mga mansyon na inihahanda ng Diyos para sa mga anak Niya ayon sa nababagay sa kanila. Madarama ng mga manonood ang dakilang pag-ibig ng Diyos na magbibigay ng walang hanggang tirahan, lumaki ang pag-asa nila para sa Bagong Jerusalem. Natanto din nila na ibibigay sa kanila ng Diyos ang nababagay sa ginawa nila. At, hindi Niya malilimutan ang katapatan at pagsasakripisyo nila para sa kaharian Niya, kahit ang oras na ibinigay nila para sa gawain na pwede sana nilang ibigay sa mga mahal nila sa buhay. Binigyan Niya sila ng espesyal na lugar kung saan pwedeng magsama-sama.

Ipinapaliwanag ng libro ni Dr. Lee na *Heaven II* ang espirituwal na kahulugan na nakapaloob sa labindalawang mahalagang batong pundasyon ng lungsod ng Bagong Jerusalem: pananampalataya, katwiran, pagsasakripisyo, katapatan, pag-ibig, pagiging mahabagin, pagtitiis, kabutihan, pagtitimpi, at kahinahunan. Kapag natupad ng isang tao ang perpektong pag-ibig at nagka-isa ang mga kulay ng labindalawang katangiang binanggit, makakapasok siya sa Bagong Jerusalem.

Ipinapaalam sa lahat ng tao sa buong mundo ng Manmin Central Church ang karangyaan ng Langit sa pamamagitan ng mga librong *Heaven I & II* na nailimbag sa 14 na wika, sa mga sermon sa GCN (na nakakaabot sa 170 bansa), at sa pagtatanghal tuwing anibersaryo ng iglesya. Dahil dito, dinadala nila ang hindi mabilang na mga kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan.

Napuno ng pag-asa para sa Langit ang mga miyembro ng Manmin dahil sa pagpapalabas ng video. Gusto nilang tiyakin na magkakaroon sila ng maalab na kalooban para sa mga kaluluwa tulad ng sa Panginoon. Nais din nilang ihatid ang pag-ibig ng Diyos na naghahanda para sa atin, at tuparin ang kalooban Niya para sa pagtatapos ng panahon.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

“Alalahanin mo ang araw ng Sabbath, upang ingatan itong banal. Anim na araw kang gagawa at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain; ngunit ang ikapitong araw ay Sabbath sa PANGINOON mong Diyos. Sa araw na ito ay huwag kang gagawa ng anumang gawain, ikaw o ang iyong anak na lalaki, ang iyong anak na babae, ang iyong aliping lalaki, ang iyong aliping babae, ang iyong mga baka, ang dayuhang nasa loob ng iyong mga pintuan.”
(Exodo 20:8-10)

# “Alalahanin Mo ang Araw ng Sabbath, Upang Ingatan Itong Banal”

Ang araw ng Sabbath ay isang araw para sa kapahingahan kasama ang Panginoon. Nagmula ito sa anim na araw ng paglikha ng Diyos. Nilikha ng Diyos ang langit at lupa at lahat ng bagay na narito, at nagpahinga Siya sa ikapitong araw. Sinasabi ng Genesis 2:3, “At binasbasan ng Diyos ang ikapitong araw at Kanyang ginawang banal, sapagkat sa araw na iyon ay nagpahinga ang Diyos sa lahat ng gawain na Kanyang ginawa.”

Sa Lumang Tipan ang Sabbath ay Sabado, ikapitong araw. Pero sa Bagong Tipan, ginawa itong Linggo. Bakit? Ano ang kahulugan ng ‘panatilihing banal ang araw ng Sabbath’?

### 1. Paano naging Linggo, na dati ay Sabado, ang Sabbath?

Hanggang sa kasalukuyan, nananatiling Sabado ang Sabbath para sa mga Judio. Pero sa araw ng Linggo ang Sabbath ng mga anak ng Diyos na naligtas dahil sa pagtitiwala nila kay Jesu-Cristo. Tinatawag din natin itong ‘Araw ng Panginoon’.

Ang dahilan nito ay sapagkat ito ang araw na tunay tayong makakapagpahinga kasama ni Jesu-Cristo. Ano ang detalyado at tunay na kahulugan ng pagpapahinga at magkaroon ng kapayapaan dahil kay Jesu-Cristo?

Pagkatapos magkasala ni Adan, naging makasalanan ang buong sangkatauhan, wala tayong tunay na kapahingahan. Dahil naging mga alipin tayo ng kaaway na diyablo at Satanas, naging mahirap ang buhay natin at nagkaroon tayo ng mabigat na kasalanan. Kaya ipinadala ng Diyos si Jesus-Cristo sa mundo para tubusin tayo mula sa mga kasalanan.

Dumating si Jesus na Anak ng Diyos dito sa lupa sa katawang tao para tuparin ang tungkulin Niya bilang Tagapagligtas, Siya ay pinahirapan, pinutungan ng koronang may tinik, ipinako sa mga kamay at paa sa krus na kahoy kahit wala Siyang pagkakasala. Dumanak ang lahat ng tubig at dugo sa katawan Niya at pagkatapos, namatay Siya. Pero sa ikatlong araw, napagtagumpayan Niya ang kamatayan, muli Siyang nabuhay.

Kung sinuman ang magtitiwala dito at tatanggapin si Jesu-Cristo ay makakalaya mula sa kasalanan, magkakaroon ng tunay na kapayapaan sa puso, at pwedeng manahan sa Langit. Araw ng Linggo ng si Jesus ay muling nabuhay pagkatapos na maipako sa krus, dahil dito nagbigay Siya ng pag-asa, tunay na kapahingahan, at kagalakan sa sangkatauhan na makasalanan. Ito ang dahilan kung bakit dapat panatilihin ng mga anak ng Diyos na iniligtas ni Jesu-Cristo ang araw ng Linggo bilang Araw ng Sabbath.

Kahit sa Lumang Tipan, may paalaala na ang araw ng Linggo ay panatilihing araw ng Sabbath. Mababasa sa Levitico 23:10-12, “Magsalita ka sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila: ‘Kapag kayo’y dumating sa lupain na Aking ibinibigay sa inyo, at inyong nagapas na ang ani niyon, ay dalhin ninyo sa pari ang unang bunga ng inyong inani. Iwawagayway niya ang bigkis sa harapan ng PANGINOON upang kayo’y tanggapin; sa kinabukasan pagkatapos ng Sabbath, ito ay iwawagayway ng pari. At ikaw ay maghahandog ng isang taong gulang na kordero na walang kapintasan sa araw na iyong iwawagayway ang bigkis bilang handog na sinusunog sa PANGINOON.’”

Sinabi ng Diyos sa mga anak ni Israel na mag-alay ng sakripisyo mula sa unang bunga ng kanilang ani pagkatapos nilang makarating sa Canaan, ang lupaing ibinigay ng Diyos na dinadaluyan ng gatas at pulot. Ang araw ng pagsasakripisyong ito ay pagkatapos ng Sabbath.

Sinisimbulo ng ‘mga unang bunga’ dito ang Panginoon na Siyang unang bunga ng muling pagkabuhay. Sinisimbulo din ng ‘lalaking korderong isang taong gulang na walang kapintasan’ si Jesu-Cristo na Siyang espirituwal na Kordero ng Diyos. Samakatwid, ipinapahiwatig ng mga talata na ang Panginoon ay ihahandog bilang sakripisyong pantubos, magiging unang bunga ng muling pagkabuhay, at Siya ang magbibigay ng muling pagkabuhay at kapahingahan sa mga taong magtitiwala sa Kanya.

### 2. Anong kahulugan ng ‘panatilihing banal ang araw ng Sabbath’?

#### 1) Dapat magkaroon ng kapahingahan ang espiritu natin kasama ng Panginoon

Ang kapahingahan ng espiritu ay hindi nangangahulugang wala tayong gagawin sa bahay o magsasaya sa mga aliwan. Ang mga pisikal na kapahingahang ito ay makakatulong sa atin, pero hindi ito makakapagbigay sa atin ng buhay.

Ang kapahingahan na gusto ng Diyos para sa atin ay espirituwal – tunay na kapahingahan. Hindi tayo gagawa para sa makamundong layunin, sa halip, magsisimba tayo, sasamba sa espiritu at katotohanan, makikinig sa Salita ng Diyos, makikisama sa ibang mga mananampalataya, magkakamit ng tunay na kagalakan at kapayapaan sa katotohanan, at sisikaping matamo ang paglagong espirituwal.

Dapat din nating panatilihin ang araw ng Sabbath sa pagdalo sa pagsamba sa umaga at sa gabi. Makakamit natin ang tunay na kapahingahan kung makikipag-ugnayan tayo sa Panginoon na Siyang Panginoon ng Sabbath.

Bibigyan tayo ng mga biyayang ipinangako ng Diyos kapag pananatilihin nating banal ang Araw ng Panginoon at kikilalanin at tatanggapin ang espirituwal na kapangyarihan at kadakilaan Niya. Iingatan Niya ang mga mananampalataya mula sa mga pagsubok, dalamhati, at mga sakuna at karamdaman sa buong linggo at loloobing maging mabuti ang lahat ng bagay para sa atin.

#### 2) Huwag tayong bumili o magbenta ng kahit na anong bagay

Sa Nehemias 13:15-18, sinabihan ni Nehemias ang mga Israelita na dahil nilabag nila ang utos ng Diyos dahil nagtrabaho, bumili, at nagbenta sila ng mga bagay sa araw ng Sabbath, hindi sila naprotektahan ng Diyos, nagkaroon sila ng kasawian.

Mahigpit silang pinagbawalan ni Nehemias sa pagtatrabaho o pangangalakal sa mga Hentil sa araw ng Sabbath, pinaalis niya ang mga mangangalakal na natutulog sa labas ng lungsod para hindi magkaroon ng paglabag ng araw na ito.

Malaki ba ang mawawala sa atin kung hindi tayo gagawa sa araw ng Sabbath o bibili at magtitinda ng mga bagay para panatilihin itong banal? Hindi. Bibigyan ng Diyos ng mas maraming pagpapala sa mga minamahal Niyang mga anak na sumusunod sa mga utos Niya sa buong isang linggo.

Pero may mga espesyal na pangyayari kung saan pinapayagang magtinda o bumili kahit na araw ng Sabbath. Halimbawa, dapat pakainin ng iglesya ang mga miyembro ng choir dahil nageensayo sila kahit pagkatapos ng mga pagsamba sa iglesya. Pero kung walang nakahandang pagkain, pwede silang bumili sa labas. Nakabukas din ang tindahan ng mga libro ng iglesya at ang meriyendahan, para sa mga miyembro ng iglesya. Hindi ito paglabag sa Sabbath, hindi kikita ang kahit sinong miyembro dito. Gagamitin ang pera para sa mga gawain ng mga misyonero, sa kawanggawa, o iba pang mabubuting gawain para sa Panginoon.

Kapag nagpakasal sa araw ng Linggo ang isang mananapalatayang may maliit na pananampalataya, pwede kayong dumalo sa kasal pagkatapos ninyong dumalo sa pagsamba. Maaari pa rin kayong makipag-ugnayan sa Diyos habang may kasalan para panatilihing banal ang araw na ito at pagkatapos, batiin ang bagong kasal. Hindi ito paglabag sa araw ng Sabbath, pagpapakita ito na mahalaga ang kaluluwang ito kaysa sa mundo, maiiwasan din na masaktan ang damdamin nila sa hindi ninyo pagdalo.

Sa Mateo 12, may ilang Judio ang nagtanong kay Jesus, “Ipinapahintulot bang magpagaling sa araw ng Sabbath?” para maakusahan Siya. Sinabi ni Jesus, “Sino sa inyo ang may alagang tupa, kapag nahulog ito sa balon sa araw ng Sabbath, hindi ba ninyo ito kukunin? Gaano kahalaga ang tao kaysa sa tupa? Kaya, gaano kahalaga ang paggawa ng kabutihan sa araw ng Sabbath?”

Gumagawa ng mabuti ang mga doktor at mga nars sa mga may karamdaman, pinapanatili ng mga sundalo at mga pulis ang seguridad at kapayapaan ng bansa, para sa kabutihan ang ginagawa nila. Hindi kasalanan ang pagtatrabaho nila pagkatapos ng pagsamba sa araw ng Linggo. Umaasa ako na tatamasahin ninyo ang kalayaan ng may katotohanan sa Panginoon na tumupad ng Kautusan ng may pag-ibig.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, pangunahing katuruan ng buhay Cristiano ang pananatiling banal ng araw ng Sabbath at pagkilala sa espirituwal na kadakilaan at kapangyarihan ng Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tanggapin nawa ninyo si Jesu-Cristo, panatilihing banal ang Araw ng Panginoon, at tumanggap nawa kayo ng malalaking biyaya bilang mga anak ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)
“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Bakit iniutos ng Diyos kay Noe na magdala ng dalawa sa bawat uri ng hayop sa loob ng daong at mas marami sa ilang piniling uri ng hayop?

Sa Genesis 6:19, sinabi ng Diyos kay Noe na magdala ng dalawa sa bawat uri ng nabubuhay na laman sa loob ng daong. Ito ay para manatili silang buhay. Gayon pa man, sa Genesis 7:2-3, sinabi sa kanya ng Diyos, "Kumuha ka ng tigpipito sa bawat malinis na hayop, lalaki at babae; at dalawa sa mga hayop na hindi malinis, lalaki at babae. Kumuha ka ng tigpipito sa mga ibon sa himpapawid, lalaki at babae; upang panatilihing buhay ang kanilang uri sa ibabaw ng lupa." Bakit mas marami ang bilang ng piniling uri ng hayop ng Diyos na ipinadala kay Noe sa daong?

## Ang pamantayan sa paghihiwalay ng malilinis na hayop sa hindi malilinis na hayop

Ang pamantayan ay ang orihinal na katangian ng hayop. Lahat ng hayop ay mayroong magkakaibang orihinal na katangian ayon sa lupang pinagmulan nila. Halimbawa, may mga hayop na tuso, ang iba naman ay mabangis, at ang iba ay masiba. Sa kabaliktaran, mayroon ding masunurin, maamo, at ang iba ay simple at tapat.

Kaya pinaghiwalay ng Diyos ang malilinis na hayop sa hindi malilinis, ayon sa orihinal na katangian nila. Siyanga pala, hindi lahat ng hayop ay kabilang sa isa sa dalawang kategoryang ito. Ilan lang sa mga ito ang tinutukoy na 'malinis' o 'hindi malinis'. Ito ay sapagkat lumabas lang ang mga nakatagong katangian na nagmula sa klase ng lupang pinagmulan nila pagkatapos ng paghatol ng Malaking Baha.

Samakatwid, ang pamantayang ibinigay ng Diyos sa paghihiwalay ng malilinis na hayop sa hindi malilinis sa panahon ni Noe ay hindi katulad ng sa panahon ng Levitico.

## Ang dahilan kung bakit mas maraming malilinis at hindi malilinis na hayop ang dinala sa loob ng daong

### 1. Para manatili ang kanilang uri

Dapat ninyong malaman na may nakapaloob na dalawang kahulugan ang 'kumuha ka ng tigpipito sa bawat malinis na hayop, lalaki at babae;' Una, ang literal na kahulugan nito ay, 7 paris ng lalaki at babae, kaya 14 na mga hayop. Nangangahulugan ding 3 paris ng lalaki at babae at isa pang lalaki, kaya pitong mga hayop. Ang malilinis na hayop ay ang maaamo tulad ng baka, tupa, at kambing. Para mapanatili ang uri ng mga hayop na ito, dapat mas marami sila kaysa sa mga mababangis. Ito ang dahilan kung bakit tigpipito ng malilinis na hayop ang dinala sa loob ng daong, para mailigtas ang uri nila. Gayon pa man, may isang dahilan pa kung bakit tigpipito, 3 pares ng lalaki at babae at isa pang lalaki, ng bawat malinis na hayop ang dinala sa daong.

Nagdala si Noe ng 7 pares ng tupa na nasa kategorya ng malilinis na hayop para mapanatili ang uri, at para sa 'isa pang dahilan', nagdala siya ng 3 pares ng tupa at isa pang lalaking tupa. Samakatwid, ang kabuuang dami ng mga tupa na dinala sa daong ay 21. Ito ay 11 lalaki, at 10 babae.

Susunod, ang hindi malilinis na hayop ay dinala ng tigdadalawa, lalaki at babae. Halimbawa, mayroong apat na baboy na hindi malinis – ang ipinagutos na lalaki at babae, at isa pang pares ng lalaki at babaeng 'hindi malinis'. Makikita natin dito, ang mga hayop na dinala ni Noe sa daong ay tatlong klase – malilinis, hindi malilinis, at ang iba pa.

### 2. Ang malilinis na mga hayop ay kinakailangan para sa pagkain ng mga tao, at para sa handog na iaalay sa Diyos

Ang 'isa pang dahilan' kung bakit nagdala ang Diyos ng malilinis na hayop sa daong ay maari ring hatiin sa dalawang grupo:

**Una, mga gagamiting handog na sakripisyo sa harapan ng Diyos**

Nakasulat sa Genesis 8:20 ang tagpo tungkol sa pag-aalay ni Noe sa Diyos ng handog na sinunog nang lumabas siya sa daong pagkatapos ng paghatol ng Malaking Baha. Malilinis lang na hayop at ibon ang iniaalay bilang handog na sakripisyo para sa Diyos. Kaya ang 'malilinis na hayop' ay tumutukoy sa mga hayop na pwedeng gawing sakripisyo.

Pagkatapos ng baha, nag-alay si Noe ng isang tupa, isang kambing, at isang kalapating sinunog para sa Diyos. Lahat ng mga ito ay lalaki. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ng Diyos na magdala ng isa pang dagdag na lalaking malinis na hayop. Kung tigdadalawa lang ang malilinis na hayop, isang lalaki at isang babae, mahirap mag-alay ng handog na susunugin. Kung mag-aalay pa siya sa mga darating na araw, ang mga kawan ng tupa at kambing, at ang mga kalapati ay malilipol o mauubos.

Ang mga paghahandog noong panahon ng Lumang Tipan ay paraan para makipag-ugnayan ang mga tao sa Diyos. Pagkatapos ng paghatol ng baha, mabilis na dumami ang mga tao sa mundo. At mas marami rin ang pagkakataon nilang mag-alay ng mga handog sa Diyos. Batid na ito ng Diyos, kaya inutusan Niya si Noe na magdala ng mas maraming malilinis na hayop – hanggat kakailanganin ng mga tao.

**Ang pangalawang gamit ng malilinis na hayop ay para sa pagkain ng mga taong naniniwala sa Diyos**

Pagkatapos ng baha, pinayagan ng Diyos ang mga taong kumain ng karne. Bago ang paghatol ng baha, gulay lang ang kinakain ng mga tao. Ang mga hayop na pwedeng kainin ay malilinis na hayop.

### 3. Ibibigay ito para kainin ng mga hindi maniniwala sa Diyos

Ano ang dahilan kung bakit nagdala ng mas maraming hindi malilinis na hayop sa daong? Pagkatapos ng paghatol ng baha, habang lumilipas ang panahon, mabilis na dumami ang mga inapo ni Noe, mayroon sa kanilang hindi naniwala sa Diyos. Hindi lang malilinis na hayop ang kinain nila, kumain pa sila kung ano ang magustuhan nila.

Batid na ng Diyos ang mga hayop na kakainin nila. Kaya, iniutos ng Diyos kay Noe na magdala pa ng isa pang pares ng hayop, lalaki at babae. Ang mga hayop na tinawag ng Diyos na hindi malilinis ay ang magiging pagkain ng mga Hentil.

Mababasa sa Mateo 5:45, "Pinasisikat Niya ang Kanyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga matuwid at sa mga di-matuwid." Pansinin ninyo kung paanong paghahanda ang ginawa ng Diyos ng Pag-ibig sa kinabukasan para sa pagkaing kakainin ng mga hindi maniniwala sa Kanya at para sa mga Anak Niyang maniniwala sa Kanya.

**Isang sulat mula sa ibang bansa**

Noong Setyembre 16, nakatanggap ng sulat si Dr. Jaerock Lee mula kay Mr. Sebastien Impeto, Gobernador ng Equateur, DR Congo. Ang sulat ay tungkol sa pakiusap niyang ipanalangin na malutas at matapos na ang problema tungkol sa Ebola virus.





## "Pakiusap, ipanalangin na malutas at matapos na ang problema sa Ebola"

Shalom! Isang pagbati kay Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa pangalan ni Jesu-Cristo. Ako ay si Diakono Sebastien Impeto, Gobernador ng Equateur State, DR Congo. Nagpapasalamat ako sa iyo dahil idinalangin mo ako at binago ang buhay ko sa pamamagitan ng salita ng buhay. Sa loob ng anim na taon, dumadalo ang pamilya ko sa Kinshasa Manmin Church sa DR Congo. Ayon sa natutuhan namin sa ebanghelyo ng kabanalan, pinananatili namin ang Araw ng Panginoon, dumadalo kami sa Magdamag na Pagsamba tuwing Araw ng Biyernes, at nagbibigay kami ng ikapu at mga handog.

Noong nagrehistro ako sa iglesya, mataas na opisyal ako ng Kagawaran para sa Kapaligiran, Pangangalaga ng Kalikasan, at Turismo. Pero pagkatapos kong tanggapin ang panalangin mo, naging Mayor ako ng Mbandaka sa probinsya ng Equateur. Hindi nagtagal, kinailangang umalis ng gobernador ng Equateur patungo ng Republic of South Africa para magpagamot ng karamdaman. Itinalaga ako ng Pangulo ng DR Congo na si Joseph Kabila bilang gobernador.

Sa kasalukuyan, laganap ang Ebola virus sa Jera, Boende, Equateur. Inatasan ako ni Presidente Kabila na lutasin ang Ebola sa kahit na anong paraan. Hinihiling kong idalangin ninyo ang problemang ito. Salamat sa inyong panalangin, nagpapasalamat ako ng taos puso sa iyo.

Matapat na pagbati,
Sebastien Impeto, Gobernador ng Equateur
Setyembre 16, 2014

Noong Setyembre 21, 2014, habang nananalangin si Dr. Jaerock Lee sa kanyang bahay panalanginan sa kabundukan, idinalangin niya na mawakasan na ang problema sa Ebola virus ng DR Congo. Pagkatapos ng pananalangin niya, bumaba ang bilang ng mga tao doon na maysakit nito. Noong Setyembre 26, 2014, nagpasalamat si Gobernador Sebastien Impeto sa panalangin ni Dr. Lee. Noong Oktubre 2, 2014, iniulat ng Yonhap News Agency na malaki ang ibinaba ng bilang ng mga nasawi dahil sa Ebola sa DR Congo. Ang mga sintomas ng Ebola ay mataas na lagnat, masakit at namamagang lalamunan, masakit na kalamnan, masakit na ulo, at pagsusuka. Malaki ang posibilidad na mamatay ang mga nagkakasakit nito, mga 25-90%.

# "Nabawasan ang pagkasingkit ng mga mata ko kahit hindi ako nagpaopera!"

Kapatid Haemi Ma, 23 taong gulang,
Misyon para sa mga Kabataan
(South Korea)



Nagsanay ako sa pag-aaral ng tradisyunal na sayaw ng Korea sa kolehiyo, miyembro na ako ngayon ng Heavenly Dance Team. Naka 'make-up' ako sa tuwing magtatanghal. Singkit ang mga mata ko, kaya para magmukhang malaki ang mga ito sa telebisyon, gumagamit pa ako ng 'double eyelid tapes'. Bukod dito, dahil makapal ang balat ng talukap ko, mahirap idikit ang tape sa tamang lugar.

Kapag matagal kong ginamit ang mga tape, mas napapagod ako, at kung minsan, mahirap mapanatiling nakamulat ang mga mata ko. Iniisip ko, 'Kung hindi singkit ang mga mata ko, hindi ko na kailangang gumamit ng tape, hindi na ako mahihirapan.'

Noong Mayo 11, 2014, Linggo ng umaga, habang hinihintay ko si Dr. Jaerock Lee para makamayan ng may pananampalatayang muling sisigla ang puso ko, naisip kong, – 'Mawawala na ang pagkasingkit ng mga mata ko'. Nagkamayan kaming dalawa, maalab at puno ng pag-ibig ang ngiti niya.


Nanalangin ako at ipinatong ko sa mga mata ko ang kamay kong humawak kay Dr. Lee. "Diyos Ama, gawin po Ninyong mas malaki ang mga mata ko sa pamamagitan ng kapangyarihang ibinigay Ninyo sa pastol!" Naramdaman kong may gumuhit na linya sa mga talukap ko habang nananalangin ako. Nang imulat ko ang mga mata ko, hindi na ako singkit! Hallelujah!

Kahit hindi niya ako idinalangin, tinupad ng Diyos ang minimithi ng puso ko dahil nakita Niya ang pagtitiwala ko sa kapangyarihan ng punong pastor. Naisip ko lang na mas mabuti kung hindi ako singkit, at ayaw ko namang magpaopera. Hindi rin ako nagreklamo. Mas gusto kong linisin muna ang puso ko kaysa gumanda ang panlabas na anyo ko.

Inisip kong, 'Gusto ko munang magkaroon ng pusong nakakalugod sa Diyos. Kung kailangang mas lumaki ang mga mata ko, Diyos ang gagawa nito para sa akin.' Nagpapasalamat ako kahit nahihirapan ako sa paglalagay ng 'double eyelid tapes' tuwing mayroong pagtatanghal. Nilikha ito ng Diyos para sa akin nang makamit ko ang pusong espirituwal.

Ngayon mabilis at madali na ang paglalagay ko ng make-up. Maganda ang pakiramdam ko kahit walang make-up dahil hindi na ako pagod dahil sa tapes. Higit sa lahat, kilala ako ng Diyos ng lahat ng bagay, tinupad Niya ang hangarin ng puso ko. Nagmumula dito ang pinakamalaking biyaya at kasiyahan ko.

Nagpapasalamat ako kay Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na nagbibigay sa atin ng pagpapala at pag-ibig, at nagpapahayag ng kapangyarihan ng Diyos para madama natin Siya sa lahat ng oras. Nagpapasalamat din ako at niluluwalhati ko ang Panginoon at ang Diyos ng pag-ibig.



Kaliwa – singkit ang mga mata, walang dobleng talukap
Kanan – mas lumaki ang mga mata dahil sa kapangyarihan ng Diyos na tinupad sa pamamagitan ni Dr. Lee

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714